# Gabay sa Perlas ng Kapangyarihan

## Sa gabay na ito:


| | |
|---|---|
| Ano ang Perlas ng Kapangyarihan? | 1 |
| Buhay ba ang mga perlas ng kapangyarihan? | 2 |
| Paano makakuha ng Perlas ng Kapangyarihan? | 3 |
| Pagkuha sa Meditation | 3 |
| Pagbili ng Perlas mula sa Amin | 4 |
| Paano Gamitin ang Perlas ng Kapangyarihan? | 4 |
| Paano alagaan ang mga perlas ng kapangyarihan? | 5 |
| Ano ang mga sign na may nabuong perlas ng kapangyarihan? | 6 |
| Saan lalabas ang mga perlas ng kapangyarihan? | 7 |
| Ano ang powers ng Perlas ng Kapangyarihan? | 7 |
| Bakit Importante ang Perlas ng Kapangyarihan? | 8 |
| Bakit mukhang laruan ang ilang mga perlas ng kapangyarihan? | 8 |
| Paano ako nabigyan ng kapangyarihan gawin ito? | 9 |
| Huling Salita tungkol sa Perlas ng Kapangyarihan | 9 |


## Ano ang Perlas ng Kapangyarihan?

Ang perlas ng kapangyarihan ay mahiwagang gamit mula sa kabilang mundo. Pwedeng mukhang ordinaryong mga bato, jolen, mutya, crystal, medalyon o anupaman ang mga ito pero may power sila - lalo na at dahil galing sila o ang power nila sa ibang mundo.

Pwedeng galing ito sa engkantong mundo, Langit, Impyerno, Purgatoryo, Kalbaryo at iba pang mundo. Madalas galing sa engkantong mundo ang makuha ng mga tao rito sa turo kong FREE 3rd Eye Meditation.

Maaaring gamitin ding salita ang perlas ng kapangyarihan para tumukoy sa mga mahiwagang gamit katulad ng agimat, anting, mutya at iba pa, pero ang tinutukoy ko lalo rito ay ang mga makukuha sa FREE 3rd Eye Meditation na tinuturo ko.

Marami na sa mga sakop ko ang nakakuha ng perlas ng kapangyarihan dahil sa mga pagsisikap nila sa FREE 3rd Eye Meditation na tinuro ko.

Ang ilan din sa kanila ay may nakuhang bagay dati na di nila alam bakit parang nagustuhan nila ang mga ito at tinago. Nalaman lang nilang may halaga ang mga ito dahil sa pagpaliwanag ko sa kanila. Ang mga sumusunod ay ang mga halimbawa ng Perlas ng Kapangyarihan ng mga sakop ko:





## Buhay ba ang mga perlas ng kapangyarihan?

**Oo, buhay sila. Mayroong spiritong karga ang mga ito mula sa ibang mundo.**

Tinatawag ng ilan ang mga ito na spiritong nasa loob ng mga perlas bilang gabay.

Kausapin mo sila at kakausapin ka rin nila. Maaaring may marinig kang bulong sa hangin o ibang pag-iisip sa loob mo na boses nila. Sa katagalan ng panahon, pwedeng magpakilala sa yo ang mga gabay sa pamamagitan ng meditation, panaginip o pangitain.

Habang tumatagal ang panahon na dinarasalan mo sila at pinapakain, maaaring lumaki sila at magbago ng kulay at hitsura.

Kung hindi mo sila madasalan, mawawalan sila ng liwanag at kukuha din ng enerhiya sa yo na maaaring magdulot ng kahinaan mo.

## Paano makakuha ng Perlas ng Kapangyarihan?

May dalawang paraan. Pwede niyo ipalabas gamit ang FREE 3rd Eye Meditation ko o pwede kayong bumili nito mula sa amin.

1. Gamit ang FREE 3rd Eye Meditation na turo ko, may dalawang posibilidad:

A. Pwedeng malagyan ng liwanag ang mga ordinaryong bagay sa paligid niyo kaya maging mahiwaga ito
B. Pwedeng makabuo kayo ng mahiwagang bagay mula sa liwanag na wala naman doon bago kayo nagmeditate (bilang milagro)

2. Pwede rin kayong bumili sa amin ng perlas ng kapangyarihan. Ang mga power na mayroon ang perlas ay nakadepende sa ano ang gusto niyo at sa bayad niyo para sa power.

## Pagkuha sa Meditation

Kung gagamitin mo ang meditation, mas madaling gawin ang unang posibilidad at yan ang madalas mangyayari kapag bago pa lang ang taong sa meditation o di kaya mahina ang spirito niya.

Mas mahirap gawin ang pangalawang posibilidad. Sa una, maaaring mukhang ordinaryong bato ang lalabas mula sa meditation pero sa katagalan ng panahon ay gaganda ang mga perlas hanggang sa ang makita niyo sa meditation ay lalabas na talaga rito sa mundo na may parehong hitsura.

Mabubuo ang liwanag dahil sa pagmeditate at mahiwagang lalabas sa paligid parang magic o milagro. Maaaring dali-daling lumabas ang mga ito pagkatapos ng meditation o ilang araw pagkatapos ng meditation.

Pagkatapos ng FREE 3rd Eye Meditation session na 15 minutes na turo ko, dapat ay magsikap maghanap ang tao ng perlas ng kapangyarihan sa loob ng 30 minutes pagkatapos ng meditation bago ito matunaw.

Kung hindi maabutan ang perlas, walang problema. Ang liwanag nito ay mag-recycle at maaring lumabas ang perlas sa sunod na meditation o lalabas lang sa paligid kahit na walang meditation.

**Minsan ay pwede ring makuha ang perlas ng kapangyarihan sa panaginip tapos paggising ng tao ay nasa kanila na.**

Pinakamaganda ay patuloy tayong magmeditate sa turo kong FREE 3rd Eye Meditation para patuloy ding nag-iipon ang liwanag mula sa ibang mundo para makabuo ng perlas ng kapangyarihan.

Ito ang mga detalye tungkol sa FREE 3rd Eye Meditation

www.ericroxas.com/3rdeyemedi

Ito naman ang FREE Gabay sa 3rd Eye Meditation para makahanda ka sa meditation:

www.ericroxas.com/gabay3rdeye

## Pagbili ng Perlas mula sa Amin

Kung bibili ka ng perlas ng kapangyarihan mula sa amin, kami na ang bahala na magbigay ng detalye sa ano ang perlas at may kasamang orasyon depende sa kung anong perlas ang binigay niyo sa amin.

Siguraduhin din naming malakas ang perlas dahil dinasalan na namin at may kasama na ring orasyon. Basta 999 boltahe pataas ang bilhin sa amin ay may kasama nang orasyon.

Kada boltahe ng perlas ay isang piso. So kung gusto mo ng mas malakas na perlas na may 9999 boltahe halimbawa, 9999 pesos din ang bayad.

Ang mga powers na pwedeng pagpilian ay aabot hanggang 99 pero 13 lang ang pinapakita namin para ang taong bibili ang magsasabi sa kung anong power ang gusto nilang idagdag ayon sa kung ano ang maisip nila.

Kung interesado kayo sa pagbili ng perlas, message lang kayo sa https://facebook.com/engkanto.shop

## Paano Gamitin ang Perlas ng Kapangyarihan?

Ang pinakabasic na paggamit ay ang pagdasal palagi sa perlas ng kapangyarihan at pagdala nito sa lahat ng lugar. Wag mo lang dalhin sa mga lugar na may kahalayan o iba pang mabigat na kasalanang gawain.

Siguraduhin na palaging pakainin ng dasal gamit ang Gabay sa Araw-Araw na Pagdasal para manatiling malakas ang perlas.

Kung nakabili ka ng perlas ng kapangyarihan sa amin, may orasyon kaming binibigay kasama ang perlas kung 999 boltahe pataas na ang perlas na nabili.

Kung patuloy ka rin sa pagpractice ng meditation, pagdasal at journaling, maaaring makapanaginip ka ng orasyon na magagamit mo rin sa pagpagana sa perlas ng kapangyarihan. Kung hindi mo nakuha kung ano ang ibig sabihin ng orasyon, pwede ka mag-avail sa sa aming serbisyo ng pagtranslate sa orasyon:

https://ericroxas.com/translateorasyon

Ang orasyonn ay kasama sa papakainin gamit ang Gabay sa Araw-Araw na Pagdasal tapos sasambitin ito kapag gusto mong paganahin ang power.

Kung halimbawa ay paswerte ang power ng perlas, sasambitin mo sa isip mo ang orasyon habang nakahawak sa perlas para ito ay gumana na swertehin ka.

Kung gagamitin sa panggagamot, pwedeng ilagay sa tubig ang perlas tapos dasalan ang tubig para mainom ang tubig. Ingatan niyo na tanggalin muna ang perlas bago inumin ang perlas kasi baka malunok ang perlas at makabigay ng sakit.

Pwedeng gawin ang mga pamamaraang paganahin ito sa kahit anong power.

Hindi kailangan at hindi dapat ibaon ang mga perlas ng kapangyarihan sa katawan.

## Paano alagaan ang mga perlas ng kapangyarihan?

Maalagaan ang mga ito sa pamamagitan ng pagdasal para sa kanila para pakainin. Para malaman paano sila pakainin ng dasal, sundin mo ang Gabay sa Araw-Araw na Pagdasal:

www.ericroxas.com/gabaydasal

Wag kalimutan na palaging dasalan kasi buhay ang mga perlas na yan at kailangan pakainin kasi kung magutom sila ay hihigop sila ng lakas sa may-ari nila. Ang mga perlas ay parang bahagi na rin ng katawan natin kaya kailangan sila pakainin at alagaan.

Wag sila dalhin sa mga makasalanang lugar katulad ng:
- Inuman
- Sugalan
- Drogahan
- Landian
- Pokpokan
- Kahalayan

- Wag silang lakaran o ilagay sa sahig.

- Wag silang ilagay sa may singit o ari.

- Wag itapon. Kung sakaling ayaw niyo na siya gamitin, ilagay na lang sa altar at wag itapon kasi magtatampo yan at magbibigay sakit sa may-ari.

- Ilagay sila sa altar kapag dinarasalan.

- Panatiliin silang malinis at hindi nalalagyan ng dumi.

- Dalhin sila sa bahay kapag aalis ka pero hindi kailangan dalhin lahat kapag masayado na marami ang perlas mo.

**Pwedeng pili ka lang ng pinakaimportante mo tapos kung aalis ka at mag-iiwan ng perlas sa bahay, siguraduhin mong nasa loob sila ng safety na lugar na walang ibang makakapasok at makakabukas.**

## Ano ang mga sign na may nabuong perlas ng kapangyarihan?

Kung masugid ka sa pagmeditate sa turo kong FREE 3rd Eye Meditation, makakakita ka ng iba't ibang mga sign na nagpapahiwatig na may nabubuong perlas ng kapangyarihan:

- Pagkita ng perlas sa meditation
- Liwanag sa paligid
- Pag-ihip ng hangin

- Paglabas ng enerhiya mula sa yo
- Pagtayo ng mga balahibo sa katawan
- Pakikipag-usap ng di makita sa yo
- Pagkalabit sa katawan mo
- Paghuni ng mga ibon
- Pagkampana
- Pagsabog ng boom
- Pagkanta ng mga kuliglig o insekto
- At iba pang mga sign

## Saan lalabas ang mga perlas ng kapangyarihan?

Maraming pwedeng lugar na lalabas ang mga perlas ng kapangyarihan:

- Sa harap mo
- Sa paligid mo
- Sa kwarto mo
- Sa iba ibang lugar sa bahay
- Sa mga punong malalaki malapit sa yo
- Sa mga halaman
- Sa lupa nakabaon
- Sa drawer mo
- Sa cabinet
- Sa ilalim ng unan
- Sa bulsa
- Sa pinaglaruan ng mga bata

**Pwedeng lumabas ang mga perlas ng kapangyarihan sa maraming lugar.**

Kadalasan, ito ay lalabas sa mga makapangyarihang lagusan malapit sa yo, pero kahit saang lugar naman ay pwedeng lumabas ang mga perlas. Ang mga malalaking puno ng balete at mga halaman ay madalas labasan ng mga perlas dahil ang mga ito ay lagusan sa mga engkanto. Kahit walang puno o halaman basta may lagusan, posibleng lalabas ang mga perlas dito.

## Ano ang powers ng Perlas ng Kapangyarihan?

- Pampalakas
- Pampatapang
- Pampaswerte
- Pampaamo
- Pampatalino

- Pampagwapo o ganda
- Pampalusog
- Pangkaibigan
- Pagmamahal
- Pampa-invisible
- Pandepensa sa pisikal
- Pangdepensa sa spiritual
- Panggagamot
- At iba pa

## Bakit Importante ang Perlas ng Kapangyarihan?

Importante ang Perlas ng Kapangyarihan dahil patunay ito na totoo ang mga nakikita natin sa FREE 3rd Eye Meditation na tinuturo ko. Dahil nga kung ano ang nakikita natin sa meditation ay lumalabas bilang perlas na material dito sa mundo ng tao.

**Patunay ang Perlas ng Kapangayarihan na di lang kathang-isip ang mga makita sa meditation kundi totoong mga bagay.**

Mapapatunayan ito ng mga nagmemeditate sa turo ko dahil kung ano ang nameditate nila ay lumalabas na ganoon din ang hitsura dito sa mundo ng tao o di kaya may mga perlas na biglang lalabas sa kanilang paligid na wala naman bago ang kanilang meditation sa turo ko.

## Bakit mukhang laruan ang ilang mga perlas ng kapangyarihan?

**Depende naman sa kaharian kung ano ang porma na lalabas dito. Hindi rin lahat ng perlas ng kapangyarihan ay mukhang laruan.**

Ang iba ay mukha ring bato, gemstone, crystal o mutya sa mundo ng tao. Sinadya din na hindi mukhang mamahalin ang ilang mga perlas ng kapangyarihan para hindi nanakawin ng tao. Pero ang mga perlas na ito ay maaaring nakawin ng mga engkanto kasi ang kapangyarihan nila ay makikita ng mga engkanto.

Para hindi nakawin ng mga itim na engkanto, dapat ay palagi silang dasalan. Wag ilagay kung saan-saan na lugar na di nababantayan. Maganda ay ilagay sila sa altar kung saan sila safety. Pahalagahan sila palagi at wag sila dalhin sa mga kahalayang lugar. Ilagay sa bag o nakalagay sa katawan.

## Paano ako nabigyan ng kapangyarihan gawin ito?

**Nakuha ako ang kapangyarihang ito dahil sa pagtagumpay ko sa 3 taong pagmisyon ko sa Landas ng Kabanalan na tinuturo ko.**

Nabigyan ako ng kapangyarihang magbukas ng mga 3rd eye ng tao at ginagawa ko ito ng FREE sa aking pagturo ng 3rd Eye Meditation. Nabigyan din ako ng kapangyarihang magpalabas ng mga perlas ng kapangyarihan mula sa ibang mundo. Ibig sabihin nito ay kung ano ang makita ng mga tao sa pagbukas ko ng 3rd eye nila sa meditation ay maipapalabas natin dito sa mundo ng tao.

Pwedeng gawin ito sa pamamagitan ng online na FREE 3rd Eye Meditation ko na maaaring LIVE o REPLAY lang ang gamitin ng tao. Pwedeng ipalabas ang perlas ng kapangyarihan malapit sa amin o malapit sa lugar ng taong nagmeditate sa turo ko. Walang kaso kahit na nasa malayong bahagi ng mundo ang tao mula sa akin. Ang kapangyarihan ko ay makakaabot pa rin sa kanila.

**Kung gusto mo rin magkaroon ng ganitong kapangyarihan, magmisyon ka sa turo kong Landas ng Kabanalan at magtagumpay sa mga pagsubok.**

www.ericroxas.com/misyon

**Dahil din sa pagsisikap ko, nakakuha ako ng autorisasyon na magpalabas ng perlas ng kapangyarihan mula sa kabilang mundo at magbenta para sa aking buhay at kabuhayan bilang isang engkantaong misyonaryo.**

## Huling Salita tungkol sa Perlas ng Kapangyarihan

Ang perlas ng kapangyarihan at ang mahiwagang pagpapalabas nito ay isang milagro mula sa Diyos na patunay ngang may spirito tayo, totoong may kabilang mundo at may kapangyarihan ako mula sa Diyos para magbukas sa spiritual na katotohanan para direktang maranasan ng mga tao.

Ito ay mga milestones din o patunay sa mga kagalingang naaabot na ng ating mga spirito sa pagsisikap natin sa Landas ng Kabanalan. Ang mga kapangyarihan ng mga perlas ay nakasalalay pa rin sa kabanalan ng mismong naghawak ng perlas. Hindi gagana ang mga perlas ng kapangyarihan at hindi rin tayo makapagpapalabas ng perlas ng kapangyarihan mula sa kabilang mundo kung kulang tayo sa pagkasinsero sa ating kabanalan para sa Diyos.

Kung naghahanap tayo ng patunay na totoo ang spirito, diba gusto nating gawing solid na material ang mga spiritual na katotohanan? Yan na ang perlas ng kapangyarihan na sagot ng Diyos sa ating tanong. Ito ay simula lang sa maraming kababalaghan. Kung desidido na kayong mapuno ng milagro ang buhay niyo, magmisyon na kayo sa Landas ng Kabanalang turo ko.

Ito ang libro ko na Landas ng Kabanalan:

https://ericroxas.com/landas

Download mo at basahin ito, kapatid.

Maraming salamat po at God bless!